

Wika at Neoliberal na Edukasyon sa Pilipinas

Language and Neoliberal Education in the Philippines

ZARINA JOY T. SANTOS

ABSTRAK

Nagbagong bihis na nga ang mundo at lahat ng bansa ay nagpupunyagi na makaagapay sa mabilis na daloy ng teknolohikal at pang-ekonomiyang sistemang tinatawag na globalisasyon. Apektado sa sistemang ito hindi lamang ang sektor ng ekonomiya kung hindi maging ang iba pang panlipunang sektor at institusyon gaya ng edukasyon, batas, at midya. Sa lahat ng ito, sentral ang nagiging papel ng wika upang gawing daluyan ng komunikasyong 'wired' at konektado saan man sa mundo. Dahil dito nagkakaroon ng presyur na baguhin ang mga polisiya ng bansa para makatugon sa globalisasyon. Mula sa mga usapin at isyu sa globalisasyon nagkakaroon ng estruktural na pagbabago sa ilalim nito na tinatawag na neoliberalismo. Isa sa mga polisiyang binabago para umangkop sa neoliberal na sistema ay ang patakarang pangwika sa sektor ng edukasyon na naniniwalang Ingles ang daan tungo sa pag-unlad.

Sa pag-aaral na ito pinag-uugnay ang usaping pangwika sa politikal na konteksto ng lipunan habang tinitingnan ang mga polisiya tungo sa pagpapalano at pagpapatupad ng mga patakarang pangwika. Layunin ng papel na ito na matukoy at matalakay ang mga isyung pangwika sa sistemang edukasyon sa Pilipinas sa konteksto ng globalisasyon at neoliberalismo.

Mga Susing salita: neoliberalismo, wikang Filipino, patakarang pangwika, globalisasyon, wika at edukasyon

ABSTRACT

The world is rapidly changing and all nations strive to catch up with the technological and economic system called globalization. This system affects not only the economy, but other aspects of society, and institutions such as education, law, mass media. In all of this language has a central place, as the avenue through which “wired” communication, connected wherever in the world, flows. Because of this, there is pressure on nations to change their policies to keep up with globalization. From the issues surrounding globalization, a discourse comes forth: neoliberalism. One of the policies that is changed in order to be in accordance with neoliberalism is that of language policies, specifically, in the education sector there are those who believe that English is the way to progress.

This study will look at the language issues in the country and its’ connection to the political context of our society while focusing at the programs for language planning, and the implementation of language policies. It is the goal of this paper to pinpoint and discuss the language issues in the educational system of the Philippines, in the context of neoliberalism.

Key words: neoliberalism, Filipino language, language policy, globalization, language and education



Sa kasalukuyan, isa na namang politikal na adyenda na nagkukubli bilang isang sistemang pang-ekonomiya ang humahadlang at nagpapahina sa pundasyon ng wika sa mga institusyong panlipunan. Nagkakaroon ito ng direktang epekto sa ideolohikal na pagtingin ng mga mamamayan sa pambansang wika. Ang adyendang ito ay tinatawag na globalisasyon.

Ang papel na ito ay isang pagsipat sa neoliberal na sistema sa edukasyon sa Pilipinas at kung paano nito naaapektuhan ang wikang panturo at mga polisiyang inihahain at ipinatutupad upang masiguradong nakatutugon ang edukasyon sa kahingian ng sistemang ito.

GLOBALISASYON: ISANG PAGPAPA-KAHULUGAN

Malimit nang bigyang kahulugan ang globalisasyon bilang isang makabagong pang-ekonomiyang sistemang nagpapaigting ng *interconnectedness* at *interdependence* sa pagitan ng mga tao at bansa. Sa pamamagitan nito nabubuksan ang mga internasyonal na hangganan o border upang mapabilis ang daloy ng mga produkto, serbisyo, pananalapi, kahit ng mga tao at ideya. Sa bisyong ito nagkakaroon ng mga pagbabago sa mga nasyonal at internasyonal na polisiya tungo sa mas epektibong pagsasakatuparan ng limang sangkap nito: liberalisasyon, deregulasyon, *free market economy*,

pribatisasyon, at *transparency* (Miclait 297).

Ayon kay Haley Edwards, sa kaniyang presentasyon sa TEDxMidAtlantic, nagumpisa ang pandaigdigang konseptong ito noong 1944 upang maging tugon sa pagkakaisa ng mga nasyon. Lumikha ito ng economic interdependence upang masigurong hindi hahantong sa giyera ang paghahanap ng resorses ng mga bansa. Dito nabuo ang GATT o ang General Agreement on Tariffs and Trade. Lumobo ang GDP o gross domestic product ng mga bansang nakilahok hanggang noong 1980s nang magsimula itong bumulusok pababa. Mula pandaigdigang kapayapaan humantong sa usapin ng *global efficiency* upang maipagpatuloy ang kaunlarang natamasa noong nakaraang mga dekada. Tinawag ito ngayong globalisasyon. Ang dating GATT ay pinalitan ng WTO o World Trade Organization at binigyang tuon ang *free trade* at pagtanggap ng mga taripa sa pakikipagkalakalan (Haley). Mayroong tatlong modelo ang globalisasyon ayon kay Christian Giordano: una, maaari itong maging pambihirang pagkakataon upang magkaisa ang mundo at magkaroon ng pagkakapantay-pantay; ikalawa, may tendensiyang lumikha ito ng isang *homologous society* mula sa isang sosyo-kultural na istandard; at ikatlo, lalo lamang nitong patitingkarin ang pagkakaiba-iba na maaaring humantong sa sigalot at kaguluhang politikal sa pagitan ng mga bansa (Giordano 254).

Bagaman isang pang-ekonomiyang usapin ang globalisasyon, politikal din ito sapagkat upang

maakomodeyt ang ganitong pandaigdigang sistema, kinailangan ng mga bansa na baguhin o lumikha ng bagong polisiyang magpapadali sa pagpapatupad nito. Ayon kay Jonnabelle Asis, isinusulong ng globalisasyon ang pagbabawas ng interbensiyon ng estado hindi lang sa usapin ng ekonomiya, kundi maging sa larangan ng mga pampublikong serbisyo. Ang dominanteng anyo nito ay ang sistematikong pagbabawas ng pondo para sa edukasyon, kalusugan at pabahay. Pinalabas ng mga tagapagsulong ng globalisasyon na ito ay isang pangangailangan at nagaganap sa buong mundo at lisensiya ito upang tanggapin na lamang ang mga pagbabagong ito (Asis 58).

Iba naman ang tingin ng Pambansang Alagad sa Sining na si Bienvenido Lumbera sa globalisasyon. Ayon kay Lumbera, ang globalisasyon ay pananalakay ng mga kapitalistang bansa ng Kanluran na naghahanap ng pamilihan para sa kanilang kalabisang produkto. Ayon kay Lumbera, ibinenta ang konseptong ito kasabay ng pangako ng mundong walang hangganan o “borderless world” na sa prinsipyo’y maganda dahil sa pantay umano na pagkakataong makapagbenta ng produkto sa mundo. Sa ideyal na mundong ito umano, kayang makisabay ng malaki sa maliit, ng mahirap sa maunlad, pero ayon kay Lumbera pagkukunwari lamang na maituturing ang polisiya gayong hindi ito ang nangyayari sa katotohanan sa kasalukuyan (Lumbea 2014 361).

Bagaman isang bagong penomenon ang globalisasyon, kung titingnan sa kasaysayan ng Pilipinas, maaaring nagsimula ito noon pa mang 1898, noong itali sa pagbubukas ng ekonomiya ng Pilipinas sa Estados Unidos ayon sa kasunduan sa Paris noong 1898 (Gealogo 268). Ayon pa kay Gealogo, ang mga batas *Payne Aldrich* noong 1909 at *Underwood Simmons* noong 1913 ang mga nagsakatuparan ng pagsasailalim ng pamilihing Filipino bilang ganap na nasa ilalim ng kontrol ng dayuhang mananakop. Aniya, sa ilalim ng rehimen ng malayang kalakalan, nakapasok ang mga mangangalakal at mamumuhunang Amerikano at nagsimula ang kanilang panloloob sa ekonomiya ng plantasyon, minahan, trosohan, at iba pang batayang sektor sa pagkuha ng mga hilaw na sangkap kapalit ng mga yaring produktong galing Amerika (Gealogo 268).

Bagama’t hindi na bago ang konsepto ng mundong walang hangganan, pinaigting ng globalisasyon ang higit na komprehensibong pamamaraan ng liberasyon ng kalakal at kapital. Ayon kay Gealogo, dalawa ang naging epekto ng globalisasyon sa ating lipunan: una, ang pangigingbambansa ng mga Pilipino at ikalawa,

ang pagkakaroon ng dayuhang pabrika at korporasyon sa loob ng bansa na nag-eempleyo ng manggagawang Filipino (Gealogo 269). Naapektuhan din ang sektor ng agrikultura dahil sa kawalan ng suporta sa mga magsasaka at ang paggamit ng mga lupang sakahan sa mga industriyal na tunguhin.

Ang pagtingin sa globalisasyon bilang solusyon sa mga pang-ekonomiyang suliranin ay pinaigting pa noong panahon ni dating pangulong Fidel V. Ramos. Sa ilalim ng kaniyang termino nilikha ang mga patakaran at iba pang larangan na nagtutulak at nagbibigay-katuwiran sa ideolohiya ng neoliberalismo. Kaalinsabay ng mga patakarang pang-ekonomiyang ito ang tunguhing maging industriyalisadong bansa ang Pilipinas kaya’t kahit na ang kapalit nito ay ang pagpapatupad sa mas partikular na mga patakaran ng liberalisasyon, deregulasyon, at pribatisasyon na may direktang epekto sa pamahalaan at serbisyong panlipunan gaya ng pagkaltas ng subsidy ng estado sa kalusugan at pabahay ay humiyaw at nakitalon ang bayan sa “Philippines 2000” na ipinintang larawan ng pag-unlad ng gobyernong Ramos (Gealogo 269).

Ano naman ang ugnayan ng globalisasyon at neoliberalismo? Ayon kay Sarah Raymundo, ang dating tinitingnan bilang isang mukha ng globalisasyon ay nagbabalatkayo palang isang yugto ng neoliberalismo.

“The actually-existing process of globalization on the other hand “is merely the international phase of neoliberalism: a worldwide strategy of accumulation and social discipline that dougles up as an imperialist project spearheaded by the alliance between the UP ruling class and locally dominant coalitions” (Raymundo 37).

Sa pagkakataong ito hindi na lamang ekonomik ang magiging impak ng neoliberal na mga polisiya. Aabot na rin ito sa sektor ng edukasyon na pinamamahalaan ng mga pinunong sumusunod sa saliw ng neoliberalismo.

LARAWAN NG NEOLIBERAL NA EDUKASYON SA PILIPINAS

Sa pag-aaral ng applied linguistics sinuri halimbawa ang manipestasyon ng lingguwistika na imperyalismo ng mga imperyong neoliberal at ang papel ng wika sa globalisasyon. Ayon kay Norman Fairclough sa kaniyang *Language and Globalization*, ang

usaping globalisasyon kaugnay ng wika ay nakapaloob sa mga “genre” at “discourse” o diskurso. Ang mga genre ng komunikasyon kagaya halimbawa ng mga transnasyonal na media, internasyonal na organisasyon gaya ng United Nations, internasyonal na korporasyon gaya ng IBM. Sa pamamagitan ng diskurso nagkakaroon ng representasyon o mukha ang globalisasyon. Maaaring maganda o hindi ang representasyong ito depende sa ideolohiyang dinadala ng diskurso. Isang halimbawa naman ng diskurso ng globalisasyon ay ang neoliberal na diskurso sa ekonomiya (Fairclough 3).

Sa pagpapatatag ng sistemang pribatisasyon sa Pilipinas noong 1990s isinunod ng mga institusyong pang-akademiko mula primarya hanggang tersiyarya ang kanilang kurikulum sa hulmahan ng sistemang globalisasyon ng mga kapitalista. Nagsulputan ang mga paaralang nagtuturo ng mga kursong *vocational* para sa *labor force* na malaki ang demand sa ibang bansa, pagsusog sa mga pag-aaral na ang tunguhin mapalaki ang kita ng mga korporasyon at kompanya (Villegas 24). Nariyan din ang mga patalastas ng pagiging “world class” ng mga paaralan at unibersidad na nagsasabing magiging “globally competitive” ang kanilang mga produktong mag-aaral bilang bahagi ng kanilang *PR stunt* at makahimok ng mga magulang na ang nais ay magkaroon ng magandang edukasyong maggagarantiya ng trabahong may mataas na suweldo. Nagsulputan rin ang mga programang isponsorship ng mga dayuhang kompanyang namimigay ng kompiyuter sa mga paaralan upang magkaroon ng akses at maging mahusay sa *information technology* na sa totoo’y nais lamang umanong magbenta ng kanilang mga produktong kompiyuter (Villegas 26). Ayon kay Villegas:

Neoliberalism as purveyed in universities serves as a reliable base for the growing commercialization of education. It has created a new generation of highly individualistic students, imbibing with them the belief that the knowledge that they acquired in schools was due to their capacity to pay and no thanks to the society. They graduate from schools with the consumerist mentality of getting back from society what they have invested in their education. The consumer is self-centered with the aim of maximizing his/her pleasures in the market or calculating what he/she will benefit for himself/herself in the future for any present spending (Villegas 27).

Ang komersiyalisasyon sa edukasyon ay tinawag ding marketisasyon ni Melania Abad. Ayon kay Abad ito ay bahagi ng pagsasalansan ng mga sistema o estrukturang kultural tungo sa paglikha ng kulturang negosyo o enterprise: pagsasapamilihan o pagtatransporma tungo sa isang institusyon o estrukturang pangnegosyo ng mga aparatong kultural gaya ng paaralan at mass media (Abad 214). Sa ilalim ng marketisasyon, ang edukasyon bilang sistema ay lantarang nag-aangkin ng mga katangiang negosyo at ang mga gawain nito mula sa pananaliksik at pagtuturo ay nagsisilbing mga kursong nakapakete at mga produktong inilalako (Abad 216). Ayon pa kay Abad madaling matukoy ang tinatawag niyang akademikong kapitalismo. Ilan sa mga manipestasyon nito ay:

- ang pagkakaroon ng mga *standardized tests* at kurikulum kung saan ang kaalaman ay nagsisilbing produktong dapat ikonsumo ng mag-aaral;
- pagpapatatag at pagsusulputan ng mga kursong pang-*Information Communication Technology*;
- pagpapatatag ng mga promosyon sa mga kursong gaya ng *caregiving, nursing* na in demand sa ibang bansa;
- pagtingin sa Ingles bilang *means* at *end*;
- pagsasantabi ng *liberal arts*, agham panlipunan, at kasaysayan bilang mga akademikong larangan;
- pagbabago ng kurikulum at *General Education Program* ng mga kolehiyo at unibersidad.

Mula sa mga manipestasyong ito makikitang sa kasalukuyan, ang *neoliberal paradigm* ang niyayakap ng mga isinusulong na reporma sa edukasyon ng DepEd at CHED. Sa ganitong siste ng marketisasyon, pinatitingkad lamang ang katotohanang isinasaad ng dependency theory na sa paliwanag ni San Juan (82) kay Dos Santos, ay ang patuloy na eksploytasyon ng mga industriyalisadong bansa sa mga mahihirap na bansa sa pamamagitan ng pagpapataw ng mga ekonomik na polisiya. Malinaw na ang pagbabali ng mga patakarang pangwika at programang pang-edukasyon ng DepEd at CHED para pumabor sa bentahe ng mga mayayamang bansang umaangkat ng manggagawa sa bansa ay isang manipestasyon ng neoliberalismo na nakasakmal sa mga aparato ng estado.

MGA NEOLIBERAL NA PATAKARANG PANGWIKA SA PILIPINAS

Sa loob ng globalisasyon, ang edukasyon ay nagiging *long-term investment* para sa gobyerno. Ginagamit nito ang mga institusyong pang-edukasyon upang mapaniwalang ang edukasyon ang pinakamadaling paraan upang makaahon sa kahirapan. Kasabay nito ang pagtutulak sa Ingles bilang wikang magiging instrumento upang makakuha ng trabahong may malaking benepisyo at sahod. Sa ganitong pagtingin nailalagay ang Ingles sa posisyon ng kapangyarihan dahil ang husay sa wikang ito ay mangangahulugan ng madaling empleyo sa loob at labas ng bansa (Block et. Al 98). Ito ay sa kabila ng estadistikang ipinalabas ng United Nations International Children's Emergency Fund (UNICEF) na walang ebidensiyang direktang nag-uugnay sa wikang Ingles at iba pang *exoglossic* na wika sa pag-unlad ng isang bansa (Block et. Al 15). Ilan pa sa mga patakarang pangwika at programang pang-edukasyon na may malinaw na neoliberal na adyenda ang Executive order 210, Gullas Bill, MTBMLE, K to 12, CHED Memo 20.

A. EXECUTIVE ORDER 210 SA ILALIM NG ADMINISTRASYONG GLORIA MACAPAGAL ARROYO

Noong 2003, isang kautusan ang ipinalabas ng Malacañang. Ang Executive Order 210 ng dating pangulong Gloria Macapagal-Arroyo ay nag-aatas sa Department of Education (DepEd), Technical Education and Skills Development Authority o TESDA at Commission on Higher Education na suportahan ang mga bagong patakaran sa wikang panturo sa mga paaralan sa lahat ng antas.

Ang EO 210 ay mayroong tagline na, "Establishing the Policy to Strengthen the use of the English language as a medium of Instruction in the Educational System." Bilang pagtatanggol sa malaking pagbabagong gagawin sa wikang panturo pinangatwiranan ng kautusan na opisyal na wika rin ang Ingles. At bilang opisyal na wika, tungkulin nitong makatutulong sa pagpapalago ng ekonomiya at siguraduhing maging "competitive in the emerging and fast-growing local and international industries" ang bansa (Executive Order 210).

Ano ang nilalaman ng noo'y naging kontrobersyal na EO 210? Ayon sa kautusan,

1. Ituturo ang Ingles bilang ikalawang wika mula grade 1.
2. Gagamitin din ang Ingles sa Math, Science sa grade 1.
3. Magiging pangunahing wikang panturo din ang Ingles sa lahat ng institusyon, pribado o pampubliko, at pagdating ng sekundarya, 70 porsiyento ng pagtuturo ay sa Ingles.

Naging mahalagang usapin ito sa akademya. Nagkaroon ng mga apila at protesta laban sa kautusang ito. Katunayan, nagpetisyon ang mga guro sa pamumuno ng Wika ng Kultura at Agham Inc. (WIKA) sa ilalim ni Isagani Cruz at mga Pambansang Alagad ng Sining na sina Bienvenido Lumbera at Virgilio Almarino para ipatigil ang pagpapatupad nito at tuluyang ipagpapawalang-bisa ang kautusan. Ayon sa mga naghain ng petisyon, isa itong paglabag sa Konstitusyon, kung saan nakatalaga ang gobyerno na patatagin at payabungin pa ang paggamit ng Filipino bilang midyum ng pakikipagtalastasan at wikang panturo sa paaralan (Torres-Tupas). Pinapahina umano ng EO 210 ang 'emotional security' at higit pang pinabababa ang kaakuhan ng mag-aaral dahil sa paglalayo sa kaniya sa kaniyang katutubo o Pambansang Wika. Isa itong malinaw na pagsira sa pundasyon ng wikang Filipino bilang wikang pambansa. Sa kabila ng pag-atake sa EO 210, inihain sa kongreso noong House Bill 4701 na nag-uutos na sapilitang ipagamit ang wikang Ingles bilang midyum ng pagtuturo sa lahat ng asignatura, maliban sa Filipino, sa lahat ng antas simula taong pampaaralan 2007-2008. Kalakip din nito ang probisyong gamitin ang Ingles sa lahat ng eksaminasyon para sa admisyon, akreditasyon, at akselerasyon ng mga paaralan (Torres-Tupas). Ayon pa kay Antonio, kapag naisabatas ang HB 4701, malinaw itong paglabag at pagbaluktot sa probisyon sa wika ng Konstitusyon 1987. Hindi rin lamang konstitusyon ang sasagasaan ng ipinapanukalang batas ng HB 4701 kung hindi ang mga pagpupunyanging isinagawa ng mga makabayan upang kilalanin ang pambansang wika na wikang sarili.

Bagama't lumikha ng malakas na ingay ang nagtutunggaling grupo ng mga maka-Ingles at maka-Filipino, hindi pa rin ganap na nasolusyonan ang problema sa pagbaba ng kalidad ng Ingles at Filipino sa bansa. Hindi lamang ito usapin ng edukasyon kaugnay ng wika. Kinukuwestiyon din nito ang papel ng wika sa lipunan. Ayon sa mga tagapagsulong ng Ingles bilang wikang panturo, solusyon ito sa lumalaking problema ng pagbaba ng kalidad

ng Ingles ng mga mag-aaral. Sagabal ang pagpapalakas ng Filipino sa globalisasyon kung saan Ingles ang namamayaning wika. Hindi rin maiiwasan tuligsain ang politikal na asersiyong ito. Ayon kay Antonio, hindi kailanman magiging sagot ang wikang Ingles sa inasam na pag-unlad ng bansa. Hakbangin lamang umano ito ng pamahalaan upang gawing global ang mga mamamayan nito. Para kay Antonio, imbes na palabasin ang mga mamamayan nito sa bansa, kailangang asikasuhin ng gobyerno ang ekonomiya, siyensiya at negosyo upang lumikha ng oportunidad sa lokal na trabaho.

B. GULLAS BILL

Bagama't hindi nagtagumpay ang EO 210, nagluwal ito ng mga kaugnay na batas na inihain sa kongreso. Isa na rito ang Gullas Bill o House Bill No 4701 o *An Act to Strengthen and Enhance the Use of English as the medium of Instruction in Philippine Schools* na inihain ni Cebu 1st District Representative Eduardo Gullas. Sa Explanatory Note ni Rep. Gullas, lubhang naatraso ang pagkatuto ng mga mag-aaral sa wikang Ingles dahil sa sabay na paggamit ng Filipino at Ingles bilang wikang panturo. Ang mga aklat pang-agham at matematiks ay nasa Ingles at nahihirapan ang mga mag-aaral dahil sa kawalan ng masteri sa wikang ito. Dahil sa kawalan umano ng masteri sa Ingles ay napag-iwanan ang mga mag-aaral na Pilipino sa "global competitiveness" na magiging instrumento sana sa pakikipagsabayan sa agham at matematiks sa mundo. Giit pa niya, napag-iwanan na umano tayo sa Asya pagdating sa agham at teknolohiya at nawawalan ang Pilipinas ng bentahe upang makakuha ng magandang trabaho sa labas ng bansa ("Gullas Bill").

Sa botong 132 laban sa 7, naipasa ng Mababang Kapulungan sa ikatlo at huling pagbasa ang Gullas Bill. Kasama sa pag-akda ng panukalang batas na ito ni Gullas ang ibang representante mula sa Cebu City, Camarines Sur, at Lanao Del Norte ("Gullas Bill").

Sa Gullas Bill, magiging wikang pantulong ang katutubong wika sa pagtuturo samantalang Ingles ang wika ng interaksyon sa paaralan. Hihimukin at bibigyang suporta rin ng paaralan ang mga organisasyong pampaaralan na gumagamit ng Ingles para sa pagsulat, pagdedebate, at iba pa. Nakasaad sa panukalang batas na Ingles ang magiging wikang panturo simula unang baitang sa elementarya hanggang sa kolehiyo. Nasa pagpapasiya na lamang ng mga unibersidad kung pananatilihin sa kurikulum ang Filipino. Dagdag pa rito, Ingles din ang magiging wika ng mga estandardisadong

pagsusulit sa pagpasok sa mga paaralan at unibersidad sa bansa. Kung maipasa sa Mataas na Kapulungan ang batas na ito, magiging 500 minuto kada linggo para sa una at ikatlong baitang ang ilalaan sa Ingles, 600 minuto sa ikaapat na baitang, at 600 minuto para sa sekundaryang paaralan. Wawakasan din ng panukalang batas na ito ang bilingguwal na patakaran sa edukasyon.

Noong 2013, isang Gullas muli ang bumuhay sa panukalang batas na nag-aatas na Ingles ang maging wikang panturo sa bansa. Mula rin sa unang distrito ng Cebu si Rep. Gerald Anthony Gullas Jr. na naghain ng House Bill 1339. Pareho pa rin ang diskurso. Para umano sa "global competitiveness" at empleyo ang panukalang batas. Aniya, "English is the world's working language. It is also the language of technology. Young Filipinos with inadequate English Skills may risk getting marginalized in the lucrative global labor markets of the future" ("Gullas Elated").

Sa ilalim ng panukalang batas na ito, gagamitin ang katutubong wika bilang panturo sa una hanggang ikatlong baitang, Ingles na lamang sa ikaapat hanggang ikasampung baitang, at senior high school.

C. MOTHER TONGUE BASED MULTILINGUAL EDUCATION (MTB-MLE)

"Every child a reader and a writer by grade 1"

Ganito kalakas ang pananalig ng mga nagsulong ng patakaran ito na makatutulong ito sa mas epektibong pagkatuto ng isang mag-aaral. Nilalayan ng MTBMLE na maingat ang lebel ng pag-iisip ng mga bata sa simula pa lamang ng pag-aaral. Para sa kanila, matatamo lamang ito kung gagamitin ang katutubong wika sa mga unang antas ng pag-aaral. Magiging mas madali umano sa isang mag-aaral ang mag-isip sa kaniyang katutubong wika. Natututo rin siya ng ibang wika nang mas mabilis dahil sa matatag ang kaniyang unang wika. Bukod sa tunguhin ng higher order thinking skills o HOTS, makatutulong din umano ang MTB-MLE na linangin ang sosyo-kultural na kaalaman gamit ang walong piniling major na wika ng mga probinsiya sa Pilipinas: Tagalog, Kapampangan, Pangasinense, Iloko, Bicol, Cebuano, Hiligaynon, Waray, Tausug, Maguindanaoan, Maranao, Chavacano, at ang Filipino sign language (DepEd Memo, 189)

Alinsunod ito sa rekomendasyon ng UNESCO noong 1951 na nagsasaad na dapat magsimulang mag-aral ang mag-aaral gamit ang kanilang katutubong wika bilang wikang

panturo sa kadahilanang mas matututo sila gamit ang wikang ito. Ayon sa kanilang pag-aaral, mas may kumpiyansa sa pag-aaral ang mga batang gumagamit ng katutubong wika. Mas madali rin nilang maintindihan ang aralin at higit sa lahat napapanatili pa nito ang kultural na pagpapahalaga ng mga etnikong pangkat (Melendrez-Cruz 199).

Kung pag-aaralan lahat ng mga naging kautusan ukol sa wikang panturong gagamitin sa mga paaralan, lumalabas na ang MTB-MLE ay 'anak' na ng mga naunang probisyon sa wika na nagbibigay-diin sa paggamit ng wikang bernakular bilang wikang panturo. Noon pa lamang 1957, sa Revised Education Program itinadhana na ang mga bernakular na wika bilang wikang panturo sa una at ikalawang baitang at Ingles bilang wikang panturo sa lahat ng antas maliban sa asignaturang Pilipino.

Hindi na bago ang patakarang ito ng DepEd. Ginagamit na ang wikang bernakular bilang wikang panturo sa mga paaralan noong 1950s. Noong 1948, nagsagawa ng isang eksperimento sa Iloilo kung saan napatunayang higit na madaling makuha sa bernakular kaysa wikang banyaga, sa Ingles, ang pagkatuto. Mas tumitimo rin umano ang mga aralin dahil sa narereinfors ito sa bahay kung saan pareho ang wikang ginagamit (Melendrez-Cruz 199).

Sa mga kasalukuyang pag-aaral at ebalwasyong isinagawa ng Philippine Institute for Development Studies (PIDS) tungkol sa implementasyon ng MTB-MLE, lumilitaw ang kakulangan sa paghahanda noong simulang ipatupad ito sa mga paaralan. Sa sarbey na isinagawa ng PIDS, wala pang sampung porsiyento ng mga paaralang sinarbey ang nagsabing naisagawa nila ang mga kahingian para sa implementasyon nito (Ordinaryo). Ilan sa mga balakid na binanggit sa sarbey ang kawalan ng mga kagamitan gaya ng diksiyonaryo, teksbuk, kawalan ng masteri ng guro mismo sa itinakdang medium of instruction o MOI ng paaralan. Naging mahirap din ang sitwasyon ng mga mag-aaral na may ibang katutubong wika. Para bang naiwan na sa guro ang pagpapasiya kung paano sosolusyonan ang mga suliraning ito dahil sa kawalan ng suporta ng DepEd. Sinabi naman ng DepEd na kasalukuyan nilang ineebalweyt ang MTB-MLE upang matugunan ang mga kahinaan ng programa.

D. K TO 12

Sa ilalim ng programang K to 12 ng Department of Education, magkakaroon ng Kindergarten at 12 taon ng batayang edukasyon o basic education. Anim na taon

ang ilalaan ng mga nasa primarya, apat na taon sa Junior High School at dalawang taon sa Senior High School. Ito, ayon sa DepEd ay upang magkaroon ng sapat na panahon ang mga mag-aaral upang maging bihasa sa mga konsepto at kasanayan tungo sa paghahanda sa mga ito para sa kolehiyo at makapagtrabaho ang mga hindi naman makatutuntong dito.

Maganda ang anyo ng programa at mukhang tungo talaga sa pagpapahusay ng mga Pilipinong mag-aaral, ngunit sa likod nito ay ang isang programang nagbabandera at nagtataguyod ng neoliberal na polisiya sa edukasyon na ang hangarin ay makapag-supply ng mga manggagawa sa mga industriyalisadong bansa.

Interesante para kay David Michael San Juan ang suportang ipinahayag ng World Bank sa K to 12. Ayon pa sa ulat ni San Juan:

“Simply put, the World Bank is willing to finance K to 12 Program despite the fact that, all throughout its dealings with the country, it is unwilling to provide funds for any major Philippine industrialization project such as petroleum refineries, gold mines, steel mills etc. with the world banks record of failure to help alleviate the country’s over-all socio-economic status, especially when it comes to bridging the gap between the rich and the poor, its support to the K to 12 scheme is reason enough to cast doubts on the real agenda of this divisive educational reform” (San Juan 12).

Sa sistemang K to 12, sa Senior High School ang track na tutunguhin ng mag-aaral ay nakabatay sa kaniyang interes, pagsusulit at kakayahan ng paaralan na magkaroon ng mga track na itinakda ng DepEd: *Academic, Technical-Vocational-Livelihood at Sports and Arts*. Ang Academic track ay mayroong tatlong strand: *Business, Accountancy, Management o (BAM); Humanities, Education, Social Sciences o (HESS); at Science, Technology, Engineering, Mathematics o (STEM)* (Official Gazette K-12).

Sa programang ito ginagarantiyahan ang empleyo kahit natapos lamang ang Grade 10 dahil magkakaroon na ang mag-aaral ng *Certificates of Competency* o COC o National Certificate Level I (NC I). Pagkatapos naman ng Technical-Vocational-Livelihood track sa Grade 12, magkakaroon ang estudyante ng National Certificate Level II (NC II), kung maipapasa niya ang *competency-based assessment* ng Technical Education and Skills Development Authority o TESDA.

Narito ang isang programang nangangakong maaari nang kumita ang isang mag-aaral kahit na hindi ito nakatuntong ng kolehiyo. Ang pagbibigay-tuon sa *vocational education* ay malinaw na indikasyon ng neoliberal na atake sa edukasyon. Ang ginagarantiyahan lamang nito ay ang pagkakaroon ng mga manggagawang Pilipino na maipadadala sa mga dayuhang bansa sa murang halaga. Ayon kay Michael San Juan, ang mga pumapabor sa K to 12 upang gawing sistemang pang-edukasyon ng Pilipinas at nakakakita nito bilang pangunahing hakbang para makasunod sa sistemang pang-edukasyon ng ibang bansa ay nakalilimot na ang pangungahing papel ng edukasyon ay ang pagsilbihan ang interes ng bansa (San Juan 12). Para kay San Juan (102), “kung sisipatin ang tunay na ayenda ng K to 12 sa Pilipinas, madaling mapatutunayan na palalawakin at palalalain lamang nito ang dependensiya ng bansa sa mauunlad na bansa, sa pamamagitan ng pagpapanatili sa *labor export policy* ng gobyerno.” Ang pagbibigay-diin sa mga kursong bokasyonal na *in demand* sa ibayong dagat at ang pagsunod sa pamantayang labindalawang taon sa batayang edukasyon ang mga indikasyon na kumikilos ang ating sistema ng edukasyon upang pumabor sa mga kahingian ng dayuhang empleyo.

Walong taon nang ipinatutupad ang K to 12 sa Pilipinas at wala pa ring tiyak na pag-aaral tungkol sa pagiging epektibo ng programang ito upang mapataas ang antas at kalidad ng edukasyon sa bansa. Kung pagbabatayan nga ang 2018 Program for International Student Assessment (PISA) kung saan tinasa ang mga 15 taong gulang na mag-aaral sa buong mundo, lumalabas na pinakamababa ang Pilipinas sa *reading comprehension*, sumunod ang agham at matematika. Higit na mababa ang naitalagang grado ng ating mag-aaral sa *minimum proficiency level* ng naturang instrumento (Mateo). Dahil sa resultang ito kinukuwestiyon ng Kongreso ang programang K to 12 at humiling na matasa ang programa. Hindi naman mahirap makita ang suliranin sa sistemang pang-edukasyon. Nananatili ang mga suliranin ng kakulangan sa guro, pasilidad at kagamitang panturo na hindi natutugunan sa mga ginagawang pagpapalit ng mga programa at kurikulum ng DepEd. Ang mga kakulangang ito ay pilit pinupunan ng mga guro na isinabak sa isang giyera nang walang kaukulang paghahanda.

Gaya ng MTBMLE, hindi rin handa ang mga paaralan sa pagdating ng K to 12 noong 2012. Dahil sa kawalan ng mga gusali at silid para sa senior high school, pinairal ang *voucher*

system ng DepEd sa pakikipagtulungan sa mga pribadong paaralan. Ngunit hindi nito natugunan ang pinansiyal na pangangailangan ng mga mag-aaral. Dumami lamang ang bilang ng *dropouts* at ang pangako ng empleyo pagkatapos ng grade 12 ay nananatiling matamis na pangako lamang dahil sa tumataas na *unemployment rate* sa mga nakapagtapos pa nga ng kolehiyo. May pag-aatubili pa rin ang kompanya na tumanggap ng mga K to 12 graduate dahil sa kakulangan ng mga ito ng kasanayan at karanasan (Valencia). Nagsasagawa ang DepEd ng kanilang sariling ebalwasyon sa programang K to 12 at habang wala ito, patuloy na magsasakripisyo ang mga mag-aaral, magulang, at mga guro sa isang programang hindi matiyak kung para kanino at para saan nilikha.

E. CHED MEMORANDUM NO. 20

Sa paglabas ng CHED Memorandum Order No 20, series of 2013, binabalangkas ang Bagong General Education Curriculum na nagsantabi sa pagturo ng Filipino bilang *required subject* sa kolehiyo. Tinanggal din ang pagtuturo ng Philippine Government and Constitution sa bagong kurikulum. Ayon sa CHED, magkakaroon ng pag-uulit sa asignaturang Filipino dahil mayroon na nito sa senior high school sa ilalim ng programang K to 12. Kaugnay nito, nagsampa ng *temporary restraining order* o TRO ang Alyansa ng mga Tagapagtanggol ng Wikang Filipino o TANGGOLWIKA laban sa CHED Memo 20. Sa kanilang petisyon, sinabi nilang hindi konstitusyonal ang pagtatanggal ng mga kurso sa Filipino sa General Education Curriculum (Hernando-Malipot). Nakasaad sa Konstitusyon ng Pilipinas sa Artikulo XIV, Seksiyon 3, na dapat isama sa kurikulum ang pagtuturo ng Konstitusyon, at sa Seksiyon 6, kung saan itinadhana na dapat maglaan ng hakbangin ang pamahalaan upang pangunahan at panatilihin ang paggamit ng Filipino bilang wika ng opisyal na komunikasyon at panturo sa sistemang pang-edukasyon.

Pinanigan at binigyan ng Temporary Restraining Order (TRO) noong Abril 21, 2015 ang CHED Memo 20. Ang nasabing TRO ay ipinawalang-bisa noong Oktubre 9, 2018. Kaugnay nito, sinabing balido ang 36 yunit na bilang ng GE sa kurikulum at hindi na kahingian sa kolehiyo ang Filipino at Philippine Government and Constitution (Hernando-Malipot). Sa kabila ng patuloy na mosyon at paglaban ng TANGGOLWIKA, pinanatili ang pagwawalang-bisa ng TRO noong Marso 5, 2019. Sa pananaw ng Korte Suprema, walang nilalabas

sa Konstitusyon ang CHED Memo 20 at ipinagutos ang pagpapatuloy ng implementasyon nito (Rey).

Sa hakbang na ito ng CHED mahihiwatigan ang pagbabalewala nito sa Pambansang Wika. Totoong maging ang Ingles bilang kurso ay tinanggal din sa kolehiyo ngunit nananatili ang katotohanang Ingles ang pinipiling MOI sa mga paaralan at sa pagtatanggal ng Filipino sa kurikulum, tinanggal din ang kakaunting espasyong inilaan para sa Pambansang Wika. Pinalabnaw lamang lalo ng CHED ang pagpapahalaga sa Filipino. Hindi rin isinaalang-alang sa CMO 20 ang may 10,000 gurong nawalan ng trabaho. Sagot ng CHED, maaari silang lumipat sa Senior High School. Ngunit iba ang kasanayan ng mga mag-aaral sa kolehiyo kung ikokompara sa hayskul. Iba ang antas ng pag-iisip ng mga mag-aaral at iba rin ang metodo ng pagtuturo. Kaya nga iba ang kahingiang propesyonal sa mga nagtuturo sa elementarya, hayskul, at kolehiyo. Halimbawa kailangang may lisensiya para makapagturo sa batayang edukasyon at masteral o doktorado sa kolehiyo.

Sinabi ni Bienvenido Lumbera, na sa tuwing pinagyayaman ang wika at panitikang katutubo, may lakas na pinakikilos sa kalooban ng Filipino, na magagamit na panlaban sa pang-akit ng globalisasyon (363). Ito marahil ang dahilan kung bakit patuloy na pinapatay ang Filipino sa mga paaralan kung hindi man pinababansot. Ang mga ganitong programa sa edukasyon ay malinaw na pumapatay sa tunguhing makabansa ng edukasyon. Inilalayo rin umano ng ganitong oryentasyon ang edukasyon mula sa potensiyal nitong mag-ambag sa pambansang industriyalisasyon sa pamamagitan ng paghubog sa mga mamamayan upang maging mapanlikha, kritikal, at makabayan (Asis 58). Tungo ito sa pag-unlad ng ibang nasyon at hindi ng Pilipinas.

Ang usapin ng wikang panturo ay maitututing ding politikal bukod sa pagiging pedagohikal (Melendrez-Cruz 210). Politikal ito sa kadahilanang makikita pa rin ang pagtutunggali ng mga puwersang nagbabanggaan at naglalabanan para sa higit na kapangyarihan. Ayon kay Ernesto Constantino,

Ang wika lang ang nagiging manipestasyon ng tunggaliang pulitika sa pagitan ng mga elit at mga masa. Ang mga elit ay abala sa kanilang may pribilehiyong posisyon sa lipunan. Ang wikang Ingles ay instrumental sa posisyon nilang ito. Samakatuwid, insidental ang isyu ng wika sa pagpapanatili ng posisyong ito. (Atienza, 151)

Labanan din ito ng kapangyarihan. Kung sino ang nasa puwesto, kung sino ang may hawak ng kapangyarihan, siya ang masusunod. Kaya't anumang pagkuwestiyon sa legalidad, may pag-aaral man o wala, may kahandaan man o wala, sa huli ang kapangyarihan pa rin ang mananaig at maiiwang nakatunganga ang mga guro na magiging hilong talilong na muli sa pag-aayos ng mga kailangan upang makapagturo nang mahusay habang ang mga mag-aaral, malilito na pabago-bago at paiba-iba ang sistema ng pagtuturo.

Politikal ang wika at ang usaping pangwika dahil ang mga patakarang ito ay mayroong pansariling interes. Sa EO 210 ni Arroyo mapatutunayang nakaugat itong palisi sa wika sa realidad na ang dayuhang puhunan at komersiyong kumokontrol noon sa Pilipinas ay naghahanap ng isang Filipinong puwersa sa paggawa at pangasiwaan na pawang sanay makipagkomunikasyon sa isang pandaigdigang wika ng negosyo tulad ng Ingles (San Juan, 56). Ang realidad na ito ay hindi makaliligtas sa panukat ng mga akademiko. Ayon kay Antonio, ang tunay na solusyon sa suliraning ekonomiko ng bansa ay ang pagkakaroon ng isang gobyernong may matatag na kapasiyahang politikal upang iwaksi ang politika ng pakikipagkompromiso, pandaraya, at paninikluhod sa dayuhan (Torres-Tupas).

Hindi lamang dayuhang gahum ang kalaban ng bansa kung hindi maging ang sarili nitong pagtingin sa sarili. Ang mga pagkuwestiyon sa pag-iral ng Pambansang Wika at usapin ng rehiyonalismo ang makikita naman sa MTB-MLE. Sa polisiyang ito mukhang napagwagian ng mga dati pang nakataas ang kilay sa wikang Filipino ang laban. Tila ba etsapuwera na ang konsepto ng "pambansa" dahil sa pagbabalik sa "rehiyon."

NEOLIBERALISMO AT HAMON NITO SA WIKANG FILIPINO

Ang Wikang Filipino ay dumaan sa mahabang kasaysayan ng pambabatikos at pagdududa sa pag-iral nito. Naranasan na nitong makipaglaban sa Cebuano, katutubong wika, at ang pinakamalakas nitong katunggali, ang wikang Ingles. Isa sa mga pagsubok ng pambasang wika ay ang patuloy na pananatili ng pribilehiyong posisyon ng Ingles bilang pangunahing wika ng mga may hawak ng kapangyarihan (Maceda 190). Ayon kay Teresita Maceda, dominado pa rin umano ng Ingles ang mga pangunahing institusyon ng lipunang Pilipino, simula sa gobyerno,

sistemang edukasyon, bisnes, at iba pa (197). Kitang-kita ang ganitong sitwasyon lalo sa pagpasok ng ikalawang milenyo, ang panahon ng globalisasyon at teknolohiya sa Pilipinas. Bilang epekto nito, ginawang bentahe ng globalisasyon ang kahusayan sa pagsasalita ng Ingles ng mga manggagawa. Ayon kina Block at Cameron:

'Communication skills and the new literacies demanded by new technologies, as well as competence in one in one or more second foreign languages, all represent valuable 'linguistic capital.' Some commentators have suggested that languages are coming to be treated more and more as economic commodities, and that this view is displacing traditional ideologies in which languages were primarily symbols of ethnic or national identity. The commodification of language affects both people's motivation for learning languages and their choices about which languages to learn. It also affects the choices made by institutions as they allocate resources for language education (5).

Ito rin ang naging agam-agam ni Gealogo. Aniya, sa panahong nakikipagsabayan tayo sa mga pandaigdigang puwersa ng Kapital at kalinangang pandaigdig, “ano ang magiging papel ng pagtatatag ng pagkakakilanlang nagpapahayag sa sariling wika sa mga nabubuong mga bagong larangan ng tunggalian at kontradiksiyon sanhi ng pag-iisang hanay ng mga ekonomiya at lipunan sa ilalim ng kaayusan na walang sagkang ugnayang ginagabayan ng globalisasyon? Nasaan ang wikang Filipino sa mga ganitong larangan?” (Gealogo 266).

Ang tanong ni Gealogo ay sinagot ni Mario Miclat. Sa kaniyang pag-aaral, makikitang maraming bansa ang may malakas na pamahalaan at maunlad na ekonomiya na hindi naman nakabatay sa kaalaman sa wikang Ingles. Taliwas pa nga, ayon kay Miclat, matatag at nagbibigay-diin sila sa kanilang pambansang wika (Miclato 301). Dagdag pa ni Miclat, sa pamamagitan pa nga ng kanilang pambansang wika, nahahanap nila ang kanilang puwesto upang makasali sa pandaigdigang kalakalan. Totoo naman, hindi kinailangan ng Korean novela na gawing nasa Ingles ang kanilang mga palabas ngunit nakararating ito sa iba't ibang bansa. Tatak at wikang Pranses din ang hinahanap sa mga pabango upang siguruhing orihinal ang mga ito.

Ingles nga ang sinasabing wika ng globalisasyon at isa ito sa nagiging kahingian sa mga nag-eempleyo sa loob at labas ng bansa. Ito rin ang wikang naging kasangkapan upang mapalawak at manatili ang kolonisasyon ng Estados Unidos. Kaya naman ito rin ang tunguhin ng kagawaran ng edukasyon sa lahat ng antas ng edukasyon, ang maging “globally competitive” ang mga mag-aaral sa pamamagitan ng kabihasaan sa wikang Ingles. Ito ay sa kabila ng kawalan ng tiyak na batayang may kaugnayan nga ang Ingles sa pinapangarap na pag-unlad ng Pilipinas. Para sa mga bumabatikos sa tunguhin ito ng pamahalaan, hindi ito ang solusyon sa kahirapan ng bansa. Ayon kay Gealogo, kailangan munang isakatuparan ang kalagayan ng kaunlarang makakikitaan ng panlipunang pagkakapantay-pantay (272). ♦

MGA SANGGUNIAN

- Abad, Melania L. "Neoliberalismong Pagpaplanong Pangwika: Tungo sa Komodipikado at Episyenteng pagpapahayag" nasa *Mula Tore patungong Palengke Neoliberal Education in the Philippines*. Bienvenido Lumbera, Ramon Guillermo, Arnold Alamon Eds. Quezon City: IBON Books. 2007. pp. 211-226. Print.
- Asis, Jonnabelle V. "Ang Irasyunalidad ng Rasyonalisasyon: Isang pagsusuri sa Public Higher Education Rationalization Program" nasa *Mula Tore patungong Palengke Neoliberal Education in the Philippines*. Bienvenido Lumbera, Ramon Guillermo, Arnold Alamon Eds. Quezon City: IBON Books. 2007. pp. 55-80. Print.
- Block, David at Deborah Cameron. "Introduction" Nasa *Globalization and Language Teaching*. David Block at Deborah Cameron eds. New York: Routledge. 2002. pp.1-10. Print.
- Cameron, Deborah. "Globalization and the teaching of 'communications skills.'" Nasa *Globalization and Language Teaching*. David Block at Deborah Cameron eds. New York: Routledge. 2002. pp. 67-82. Print.
- Edwards, Haley. "What global trade deals are really about (hint: it's not trade)" inaplowd ng TEDxMidAtlantic. 10 Nobyembre 2018.
- Fairclough, Norman. *Language and Globalization*. New York: Routledge. 2006.
- Gealogo, Francis A. "Wika at Pambansang Pag-unlad" Nasa *Filipino at Pagpaplanong Pangwika: Ikalawang Sourcebook ng SANGFIL*. Quezon City: Sentro ng Wikang Filipino 2005. pp.266-273. Print.
- Giordano, Christian. "Epilogue – The Dwindling Cultural and Linguistic Diversity of Southeast Asian Societies: Comparative Reflections from an Anthropological Perspective" nasa *Language, Education and Nation Building Assimilation and Shift in Southeast Asia*. Peter Sercombe and Ruanni Tupas Eds. England: Palgrave Macmillan. 2014. Print.
- "Gullas bill to revive English as language in classrooms" Cebu Daily News, 30 Setyembre 2013. <https://newsinfo.inquirer.net/497837/gullas-bill-to-revive-english-as-language-in-classrooms>. Accessed October 7, 2020.
- "Gullas elated over approval of House bill on English use" Cebu Daily News, 22 September 2006, <https://www.philstar.com/cebu-news/2006/09/22/359429/gullas-elated-over-approval-house-bill-english-use#oJOMBfiuQbAqimLK.99>. Accessed October 7, 2020
- Hernando-Malipot, Merlina "Tanggol Wika" persists with its fight to retain Filipino in GEC, laments 'cultural genocide'" *Manila Bulletin*, June 11, 2019, <https://mb.com.ph/2019/06/11/tanggol-wika-persists-with-its-fight-to-retain-filipino-in-gec-laments-cultural-genocide/> Accessed October 8, 2020
- Lumbera, Bienvenido. *Paunang salita: Pieces of a Teacher's Mind*. Manila: Pambansang Komisyon para sa Kultura at mga Sining. 2014.
- Maceda, Teresita. "Sentro ng Wikang Filipino: Pagpapakilala." *Daluyan* Tomo 1, Blg. 1 (Hulyo-Agosto 1990): mp. 5 at 10-12. Print.
- Melendrez-Cruz, Patricia. "Ang Pulitika ng Wikang Panturo" nasa Mga Piling diskurso sa wika at lipunan / Pamela C. Constantino at Monico M. Atienza, mga editor. Quezon City : University of the Philippines Press. 1996. Print.
- Miclat, Mario I. "Wika at Globalisasyon" Nasa *Filipino at Pagpaplanong Pangwika: Ikalawang Sourcebook ng SANGFIL*. Quezon City: Sentro ng Wikang Filipino 2005. pp. 296-302. Print.
- Ordinaryo, Cai. "Communication Breakdown: Study bares 'weakness' in MTB-MLE Education System" *Business Mirror.com.ph*, July 4, 2019, <https://businessmirror.com.ph/2019/07/04/communication-breakdown-study-bares-weakness-in-mtb-mle-education-system/> Accessed October 8, 2020.
- Raymundo, Sarah. "The Symptom called Marketisation". nasa *Mula Tore patungong Palengke Neoliberal Education in the Philippines*. Bienvenido Lumbera, Ramon Guillermo, Arnold Alamon Eds. Quezon City: IBON Books. 2007. pp. 31-42. Print.
- Rey, Aika. "SC reiterates Filipino, Panitikan not required in college" *Rappler*, May 26, 2019, <https://www.rappler.com/nation/supreme-court-filipino-panitikan-not-required-college> Accessed October 8, 2020

San Juan David. "A Holistic Critique of the Philippine Government's Kindergarten to 12 (K to 12) Program." 2nd De La Salle University (DLSU) International Education Congress De La Salle-College of St. Benilde Hotel, Manila September 29-October 1, 2011 *Societies*. Web. 2 October 2018.

Torres-Tupas, Tetch. "K-12 to Displace Thousands of Teachers, Students, say Critics." *Inquirer*. net, May 29, 2015, <https://newsinfo.inquirer.net/694707/k-12-to-displace-thousands-of-teachers-students-say-critics> Accessed October 5, 2020

Valencia, Czeriza. "Companies still hesitant to hire K-12 graduates" *The Philippine Star*, September 30, 2019, <https://www.philstar.com/business/business-as-usual/2019/09/30/1955967/companies-still-hesitant-hire-k-12-graduates> Accessed October 8, 2020

Villegas, Edberto M. "Liberalism, Neoliberalism and the rise of Consumerist Education". *Nasa Mula Tore patungong Palengke Neoliberal Education in the Philippines*. Bienvenido Lumbera, Ramon Guillermo, Arnold Alamon Eds. Quezon City: IBON Books. 2007. pp. 19-30. Print.



Si ZARINA JOY T. SANTOS ay nagtapos ng kursong BA Filipino at MA Filipino (Wika) sa Unibersidad ng Pilipinas Diliman. Instruktor siya sa UP Diliman sa ilalim ng Departamento ng Filipino at Panitikan ng Pilipinas na nagtuturo ng mga kursong Filipino 40 o Wika Kultura at Lipunan at Buhay at mga Akda ni Dr. Jose Rizal. Maliban sa pagtuturo ay nagsisilbi rin siya bilang manunulat at konsultant sa mga tekstbuk panghayskul sa Filipino. Ang kaniyang mga saliksik ay patungkol sa leksikograpiya, mga varayti ng wika sa Pilipinas at pamamahalang pangwika sa Pilipinas. Maaari siyang makontak sa ztsantos@up.edu.ph.